# 10 Haligi ng Maunlad na Buhay

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis Techie Rodriguez-Elder Founder
Enero 26, 2024

Ang kaunlaran ay hindi nakabatay sa kung anong mayroon tayo, kundi kung ano ang ating kalooban, o ano ang ating buhay espiritwal. Nais ng Diyos na maging maunlad tayo sa kalusugan, pananalapi, at buhay espiritwal (3Juan 1:2). Ang kayamanan ay mula sa Diyos para sa mga taong tapat sa Kanyang Salita. Kung susunod tayo sa mga utos ng Diyos, mapapasaatin ang kasaganaan.

1.**Ang tunay na kaunlaran na tinukoy sa Bibliya:**
Hindi natutukoy ang kaunlaran sa kakulangan ng pagsubok kundi sa paraan ng pagharap sa pagsubok. Kung tayo ay susunod sa Diyos at magiging tapat sa Kanyang mga utos, gagawin Niya tayong higit na dakila sa ibang bansa (Deut.28, Jn 10:10). Hindi tayo magkukulang (Awit 23).

2. **Babala sa mga nagnanais yumaman:**
Ang mga nagnanais yumaman ay nahuhulog sa tukso (1Tim.6:10). Dapat makuntento tayo sa mga pagpapalang ibinibigay ng Diyos.

3 .**Mga tagubilin sa mga mayayaman:**
Turuan ang mga mayayaman na huwag maging mayabang at huwag umasa sa kayamanang di nananatili, kundi sa Diyos na nagbibigay ng lahat ng bagay (1 Tim.6:17). Gamitin natin sa pagtulong sa kapwa ang mga biyayang bigay ng Diyos.

4. **Kasaganaan, Pagpapala at Kaunlaran sa Bibliya.**
Kasama ng Diyos si Joseph, isang matagumpay na tao na may integridad at masunurin, ipinagbili bilang alipin sa Ehipto sa bahay ni Potipar. Ang katapatan ni Joseph sa Diyos ang kanyang naging batayan sa pagsunod sa kanyang panginoon. Pinagpala ng Diyos ang lahat ng kanyang ginawa.

5. **Ang Bibliya para sa Tagumpay:**
Basahin at pagnilayan ang salita ng Diyos araw at gabi, upang matupad ang lahat ng nasusulat doon. Sa gayon, giginhawa at magtatagumpay tayo. (Josua 1:8). Tinanggap ni Josua ang hamon na pangunahan ang bayan ng Diyos sa Lupang Pangako. Matapat niyang sinunod ang lahat ng inutos ng Diyos kay Moses. Dapat ibigay din natin ang ating buong sarili pisikal, mental at espiritwal para magampanan ang mga gawaing ibinigay sa atin at makapagbigay ng maayos na pamumuno sa susunod na henerasyon.

6. **Reliyosong Pag-uusig na nakita bilang Kasaganaan:**
"Mapalad kayo kung dahil sa Anak ng Diyos kayo'y kinapopootan, ipinagtatabuyan, nilalait ng mga tao, at pati ang iyong pangalan ay kinasusuklaman," (Lucas 6:22). Tulad ni Job, magtiwala tayo sa Diyos sa lahat ng bagay at magpasakop sa Kanya.

**7. Banal na Kaunlaran na walang kirot**:
Ang pagpapala ng Diyos ay kayamanan na walang kasamang paghihirap (Pahayag10:22). Manatili tayo sa kapangyarihan ng Panginoong Hesus, ang may-ari ng lahat ng bagay.

**8. Sampung (10) Haligi ng Maunlad na Buhay:**

**8.1. Prayoridad** (Kaw. 3:1-4) Itakda ang iyong prayoridad ayon sa Salita ng Diyos.

**8.2. Pagtitiwala** (Kaw. 5-6) Umasa sa karunungan at kapangyarihan ng Diyos at hindi sa iyong sariling pang-unawa.

**8.3. Pagsunod** (Juan 15:14) Sundin ang Salita ng Diyos, hindi ang sariling kagustuhan at pagnanasa.

**8.4. Paghahasik** (Kaw. 3:9-10) Kilalanin ang Diyos na may-ari ng lahat, handugan Siya at ibahagi ang kayamanan sa kapwa.

**8.5. Madaling sumunod** (Kaw. 3:11-12) Maging madaling turuan. Sundin ang disiplina ng Diyos.

**8.6. Edukasyon** (Kaw. 3:21-24) Aralin ang Salita ng Diyos para magkaroon ng banal na karunungan.

**8.7**. **Pakikipagsapalaran** (Kaw. 3:25) Huwag matakot, magtiwala sa kapangyarihan ng Diyos.

**8.8. Kabutihang-Loob** (Kaw. 3:27-28) Tumulong sa kapwa sa abot ng makakaya.

**8.9. Pagkakaisa** (Kaw.3:29) Maging payapa sa lahat ng tao. Huwag gagawa ng masama sa kapwa.

**8.10. Kasiyahan** (Kaw.3:31-32) Makontento sa anong mayroon ka at magpasalamat lagi sa Diyos.

**KONKLUSYON**: Ang "kaunlaran" ay kondisyon ng pagtatamasa ng kayamanan, tagumpay o magandang kapalaran.Hindi lang sa materyal na yaman kundi sa paglago ng buhay espiritwal.

**PAGNINILAY**: Ano ang plano mo sa iyong pamilya upang magkaroon sila ng kasaganaan at lumago ang kanilang buhay espiritwal?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida Cruz
https://lordsflock.org/digests
Tags: #Kaunlaran, #BuhayEspiritwal